

Tala: 1

Cancer sa Suso(includes abstract) LaRusso L; Lukas R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, February 2009; (patient education - condition) CINAHL AN: 2010052445

Abstract: Ang cancer sa suso ay karamdaman kung saan nagkakaroon ng mga selula ng cancer sa breast tissue. Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito mga selula sa suso) ay dumarami nang walang kontrol o kaayusan. Kung mananatiling dumarami nang walang kontrol ang mga selula, may nabubuong bukol ng tissue. Tinatawag itong growth o tumor. Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga malignant tumor. Maaari nilang lusubin ang kalapit na tissue at kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Bagaman inaakala ng karamihan ng mga tao na inaapektuhan ng cancer sa suso ang mga babae, nagkakaroon rin ang mga lalaki ng cancer sa suso. Maaaring mas agresibo ang cancer sa suso ng mga lalaki.

[View English](#)

Database:

Consumer Health Information -- Tagalog

Cancer sa Suso

ni: Laurie LaRusso, MS, ELS


[\[View English Version\]](#)

Kahulugan

Ang cancer sa suso ay karamdaman kung saan nagkakaroon ng mga selula ng cancer sa breast tissue.

Nangyayari ang cancer kapag ang mga selula sa katawan (sa kasong ito mga selula sa suso) ay dumarami nang walang kontrol o kaayusan. Kung mananatiling dumarami nang walang kontrol ang mga selula, may nabubuong bukol ng tissue. Tinatawag itong growth o tumor.

Ang salitang cancer ay tumutukoy sa mga malignant tumor. Maaari nilang lusubin ang kalapit na tissue at kumalat sa ibang mga bahagi ng katawan. Bagaman inaakala ng karamihan ng mga tao na inaapektuhan ng cancer sa suso ang mga babae, nagkakaroon rin ang mga lalaki ng cancer sa suso. Maaaring mas agresibo ang cancer sa suso ng mga lalaki.

Cancer sa Suso

© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.

Mga Sanhi

Ang sanhi ng cancer sa suso ay hindi nalalaman. Ipinapakita ng pananaliksik na ang ilang mga nagbibigay panganib ay iniugnay sa karamdaman.

Mga Nagbibigay Panganib

Kabilang sa mga dahilang nagpapataas ng iyong panganib sa cancer sa suso ang:

- Kasarian: babae, bagaman nagkakaroon rin ang mga lalaki ng cancer sa suso
- Edad: 50 o mas matanda
- Personal na kasaysayan sa cancer sa suso
- Mga miyembro ng pamilya na may cancer sa suso
- Mga pagbabago sa breast tissue, gaya ng atypical ductal hyperplasia, radial scar formation, at lobular carcinoma in situ (LCIS)
- Mga pagbabago sa ilang genes (BRCA1, BRCA2, at iba pa)
- Lahi: Caucasian
- Napataas na pagkalantad sa estrogen sa buong buhay sa pamamagitan ng:
 - Maagang pagkakaroon ng regla
 - Atrasadong menopause
 - Walang panganganak o atrasadong panganganak
 - Kawalan ng pagpapasuso
 - Pagkakaroon ng hormone replacement therapy nang matagalan (Prempro nang higit sa apat na taon)
 - Paggamit ng tabako
- Pagiging mas malaman ng suso (mas maraming lobular at ductal tissue at mas kaunting fatty tissue)
- Radiation therapy bago ang edad na 30
- Sobrang paggamit ng alak

Tandaan: Ipinapakita ng mga pag-aaral na karamihan ng mga babaeng may nalalamang mga nagbibigay panganib ay hindi nagkakaroon ng cancer sa suso. Maraming mga babaeng nagkakaroon ng cancer sa suso ay wala ni isa sa mga nagbibigay panganib na nakalista sa itaas maliban sa edad.

Sintomas

Sa unang paglabas ng cancer sa suso, maaaring walang mga sintomas. Ngunit habang lumalaki ang cancer, maaaring magdulot ng mga sumusunod na pagbabago:

- Isang bukol o pangangapal sa o malapit sa suso o sa ilalam ng braso o malapit sa leeg
- Pagbabago sa sukat o hubog ng suso
- Nipple discharge o pananakit, o bumabalik ang utong (inverted) sa suso
- Ridges o pitting ng balat sa suso (gaya ng balat ng kahel)
- Pagbabago sa itsura o pakiramdam ng balat sa suso, areola, o utong (halimbawa, mainit, namamaga, mapula, o makaliskis)

Tandaan: Ang mga sintomas na ito ay maaari din na dulot ng iba, hindi gaanong malalang mga kondisyong pangkalusugan. Ang sino mang nakakaranas ng mga sintomas na ito ay kailangang magpatingin sa doktor.

Diagnosis

Magtatanong ang doktor tungkol sa iyong mga sintomas at kasaysayang medikal. Isasagawa ang eksaminasyong pisikal.

Kasama sa mga pagsusuri ang:

- Clinical breast exam—ang sukat at tekstura ng bukol ay sinusuri ng kamay upang malaman kung madaling gumalaw ang bukol
- Mammography —mga x-ray ng suso na ginagamit upang makita ang mga bukol o ibang mga pagbabago sa breast tissue
- Ultrasonography—paggamit ng high-frequency sound waves upang makita kung ang bukol ay cyst na puno ng likido o solid mass
- Biopsy —pagtanggap ng tumor tissue upang masuri para sa mga selula ng cancer, kabilang sa mga uri ng cancer sa suso ang:
 - Fine-needle aspiration—pagtanggap ng likido at/o mga selula mula sa bukol sa suso gamit ang manipis na karayom

- Needle biopsy —pagtanggap ng tissue gamit ang karayom mula sa bahagi na nakapaghihinala sa mammogram ngunit hindi masalat
- Surgical biopsy:
 - Incisional biopsy—paghiwa ng sample ng bukol o pinaghihinalaang bahagi
 - Excisional biopsy—paghiwa sa buong bukol o pinaghihinalaang bahagi at ang bahagi ng malusog na tissue sa paligid nito
- Pagsusuri sa tissue—sinusuri ang breast cancer tissue para sa pagkakaroon ng estrogen o progesterone receptors, pati na ang pagkakaroon ng HER2/neu na ginagamit upang tumulong sa pagpapalano ng therapy.
- Genetic testing —sinusuri ang dugo para sa pagkakaroon ng partikular na mga pagbabago sa genes sa ilang mga pasyente

Paggamot

Sa oras na matagpuan ang cancer sa suso, ginagawa ang staging tests. Makakatulong itong makita kung kumalat na ang cancer at, kung ganoon nga, sa anong hangganan.

Kasama sa mga paggamot ang:

Operasyon

- Lumpectomy —pagtanggap ng cancer sa suso at ilang normal na tissue sa paligid nito. Madalas, tinatanggal ang ilang mga kulani sa ilalim ng braso.
 - Maaari ring tawaging tylectomy, segmentectomy, o quadrantectomy
- Segmentectomy—pagtanggap sa cancer at mas malaking bahagi ng normal na breast tissue sa paligid nito.
- Simple mastectomy —pagtanggap sa suso, o kung gaano kalaki ang maaari, nang walang sinadyang pagtanggap sa mga kulani.
- Radical mastectomy—pagtanggap sa suso, kapwa mga kalamnan sa dibdib, mga kulani sa ilalim ng braso, at ilang karagdagang taba at balat. Gagamitin lamang ang prosesong ito sa bihirang mga kaso kung kumalat na ang cancer sa mga kalamnan sa dibdib, at bihirang ginagawa sa US sa ngayon.
- Modified radical mastectomy—pagtanggap sa buong suso, mga kulani sa ilalim ng braso, at madalas, ang balat na bumabalot sa mga kalamnan sa dibdib.
- Axillary lymph node dissection—pagtanggap sa mga kulani sa ilalim ng braso upang tumulong na malaman kung napasok na ng mga selula ng cancer ang lymphatic system.
- Sentinel lymph node biopsy —ang paglalagay ng doktor ng kaunting asul na dye at/o radioactive tracer sa bahaging kinaroroonan ng tumor. Sinusundan ang dye o tracer sa kilikili at tanging mga kulaning sumisipsip sa substansiya ang tinatanggal. Ang katumpakan ng prosesong ito ay lampas 95% sa mga mahuhusay na kamay at maaasangang tutukuyin ang mga kulani na maaaring maglaman ng cancer. Sa ngayon, dapat matanggal ang mga nalalabing kulani kung may alinmang sentinel nodes ang naglalaman ng cancer. Kadalasang ginagamit ang paraang ito sa mga babaeng walang mga kulani na nasasalat sa kilikili. Ang maaaring mga masasamang epekto nito ay higit na mas kaunti pagkatapos ng standard lymph node dissection.

Radiation Therapy

Ito ang paggamit ang radiation upang patayin ang mga selula ng cancer at paliitin ang mga tumor. Maaaring gamitin ang dalawang uri ng radiation:

External radiation therapy—radiation na itinututok sa suso mula sa labas ng katawan

Internal radiation therapy—inilalagay ang radioactive materials sa suso o malapit sa mga selula ng cancer

Chemotherapy

Ang chemotherapy ay ang paggamit ng mga gamot upang patayin ang mga selula ng cancer. Maaari itong

ibigay sa maraming uri kabilang ang mga tableta, iniksiyon, at sa pamamagitan ng catheter. Pumapasok ang mga gamot sa daloy ng dugo at umiikot sa buong katawan na pumapatay sa karamihan ng mga selula ng cancer. Namamatay rin ang ilang mga malulusog na selula.

Biologic Therapy

Ang paggamit ng mga gamot o sustansiya na gawa ng katawan upang itaas o ibalik ang natural na mga panlaban ng katawan sa cancer. Tinatawag rin itong biologic response modifier (BRM) therapy.

Pag-iwas

Ang maagang pagtuklas sa cancer sa suso at paggamot dito ang pinakamabuting paraan upang maiwasan ang pagkamatay dahil sa karamdaman. Dahil hindi ito nagdudulot ng mga sintomas sa unang mga yugto, mahalagang magkaroon ng screening examinations at mga pagsusuri upang makita ang cancer bago lumabas ang mga sintomas.

- Dapat gumawa ng breast self-exam (BSE) buwan-buwan ang mga babaeng may edad na 20 o mas matanda
- Dapat magkaroon ng clinical breast exam na gagawin ng propesyonal sa kalusugan tuwing tatlong taon ang mga babaeng may edad sa pagitan ng 20-39
 - Dapat isagawa ang pagsusuri sa suso nang mas regular kung mayroong kasaysayan sa pamilya o nagkaroon ng mga naunang breast biopsy
- Dapat magkaroon ng screening mammogram taon-taon ang mga babaeng 40 taong gulang o mas matanda
 - Ipinapayo ng ilan na dapat maisagawa ang mammogram nang mas maaga para sa mga pasyenteng may matibay na kasaysayan sa pamilya o nagkaroon na ng mga naunang breast biopsy
- Pagtapos ng edad na 40, dapat may pagsusuri sa suso na gagawin ng propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan ang mga babae taon-taon

Malayo pang makakapagbigay ng katiyakan ang pananaliksik na nagpapakitang binabawasan talaga ng mga hakbang na ito ang pagkamatay dahil sa cancer sa suso. Ang nag-iisang liban dito ay regular na mammograms simula edad na 50. Malinaw nitong binabawasan ang pagkamatay dahil sa cancer sa suso. Ipinakita ng pag-aaral kamakailan sangkot ang 160,921 na mga babaeng isinali sa edad na 39-41 na talagang binawasan ng taunang screening mammograms hanggang edad na 48 ang pagkamatay dahil sa cancer sa suso sa loob ng karaniwang 10.7 taon. Subalit ang pagbabawas na ito ay hindi makabuluhan pagdating sa istatistika. Maaaring ang mga resulta ay dulot ng pagkakataon. Ayon sa mga natuklasang ito, humigit-kumulang 2,500 na mga babae ay mangangailangan ng screening upang maiwasan ang isang pagkatamay dahil sa cancer sa suso sa panahong ito. *

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

Pagkukunan: Consumer Health Information, EBSCO Publishing. February 2009
Número ng Item: 2010052445